



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Abril 3, 2020

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristine Roselius, 415.519.5419

Hinihiling ng Air District sa publiko na huwag magsunog ng kahoy upang mapanatiling mababa ang mga antas ng polusyon sa panahon ng shelter-in-place order

Hindi hinihikayat ang pagsunog ng kahoy ngunit hindi ito ilegal

SAN FRANCISCO – Sa ganitong mapanghamong panahon, hinihiling ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) sa publiko na huwag magsunog ng kahoy sa kanilang mga tsimeneya, panlabas na sigaan o lutuang kahoy sa panahon ng shelter-in-place order para sa COVID-19 upang maprotektahan ang kalusugan na may kaugnayan sa paghinga ng lahat ng residente ng Bay Area.

Bagama't inaasahang magiging maganda ang kalidad ng hangin sa buong Bay Area, maaaring makaapekto ang pagsunog ng kahoy sa mga partikular na lugar at malaki ang magiging epekto nito sa kalidad ng hangin sa loob ng bahay.

“Habang nagsusumikap tayong lahat sa ganitong panahon ng pagsubok na manatiling malusog at protektahan ang ating kalusugan at ang kalusugan ng ating mga pamilya, maaaring makapagbigay-ginhawa sa ilan na magsindi ng apoy sa tsimeneya ngunit ang apoy na iyon ay maaaring magdulot ng matitinding epekto sa kalusugan,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang mga pinong particulate sa usok ay maaaring maka-stress sa ating respiratory at immune system sa panahong mas lalo tayong nangangamba sa pananatiling malusog. Mangyaring magbigay-konsiderasyon sa inyong mga kapitbahay, lalo na sa mga pinakamadaling magkasakit – ang pagpapanatili ng magandang kalidad ng hangin ay makakatulong sa lahat sa ganitong panahon ng pagsubok.”

Ang Spare the Air Alert (Alerto na Iligtas ang Hangin) ay HINDI ipinapatupad at hindi ilegal ang pagsunog ng kahoy. Gayunpaman, hindi hinihikayat ang pagsunog ng kahoy.

“Tulungan ninyo kaming lahat na magpanatili ng malusog na baga at malakas na immune system sa panahon ng krisis sa COVID-19 sa pamamagitan ng hindi pagsusunog ng kahoy,” sabi ni Judith Cutino, opisyal sa kalusugan ng Air District. “Ngayon ang panahon para lubos na isaalang-alang ang mga taong may hika o mga sakit sa baga. Ang usok ay nakakasira sa paggana ng ating baga pati na rin sa ating panlaban sa sakit sa panahong lubos nating hindi kakayaning mangyari ito.”

Katulad ng usok ng sigarilyo, ang usok ng kahoy ay mayroong mga pinong grano at mga bagay na nagdudulot ng kanser na nagiging dahilan kung bakit hindi mainam na langhapin ang hangin. Ang usok ng kahoy ay ang pangunahing pinagmumulan ng polusyon sa hangin sa Bay Area sa mga malalamig na buwan at higit na nakakasama sa mga bata, matatanda at mga taong may mga kondisyon sa paghinga.

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)